

Paunawa sa Mga Pampublikong Pagpupulong

Komento ng Publiko sa Teknolohiya sa Pagmamanman

Ito ang unang round para sa pagkomento ng publiko tungkol sa mga dating nakuhang teknolohiya sa pagmamanman. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga teknolohiyang ito o sa Surveillance Ordinance (Ordinansa sa Pagmamanman), bumisita sa seattle.gov/privacy.

	Pagpupulong 1	Pagpupulong 2	Pagpupulong 3	Pagpupulong 4	Pagpupulong 5
Mga departamento na Naglalahad	Departamento ng Pulisya	Departamento ng Transportasyon, Bumbero	Departamento ng Pulisya	Departamento ng Pulisya	Departamento ng Transportasyon, Bumbero
Petsa at Oras	Oktubre 22, 2018 5-6:30 p.m.	Oktubre 25, 2018 5-6:30 p.m.	Oktubre 29, 2018 5-6:30 p.m.	Oktubre 30, 2018 5-6:30 p.m.	Nobyembre 5, 2018 4:30-5:30 p.m.
Lokasyon	Columbia City Branch Library 4721 Rainier Ave S, Seattle, WA 98118	Southwest Branch Library 9010 35th Ave SW, Seattle, WA 98126	Bertha Knight Landes Room 1 st Floor City Hall - 600 4th Ave, Seattle, WA 98104 (5th Ave door)	Green Lake Branch Library 7364 East Green Lake Dr. N, Seattle, WA 98115	Green Lake Branch Library 7364 East Green Lake Dr. N, Seattle, WA 98115

Kabilang sa mga teknolohiyang tatalakayin sa mga pagpupulong ang:

Transportasyon (Pagpupulong 2 at 5)	Departamento ng Bumbero (Pagpupulong 2 at 5)	Departamento ng Pulisya (Pagpupulong 1, 3, at 4)
Mga Camera sa Trapiko at License Plate Readers (Mga Tagabasa ng Lisensyadong Plaka)	Mga Camera sa Pinangyarihan ng Emergency at Mga Camera ng Hazmat	Mga Sistema sa Pagpapatupad ng Tamang Pagpaparada at Mga Automated License Plate Reader (Mga Awtomatikong Tagabasa ng Lisensyadong Plaka)

Narito ang mga paraan kung paano ka makapagbibigay ng mga komento:

Ang panahon ng bukas na pagkokomento para sa mga teknolohiyang ito ay mula **Oktubre 8 - Nobyembre 5, 2018**. May tatlong paraan upang makapagkomento:

- 1.** Dumalo sa pulong. Tingnan ang talahanayan sa itaas para sa mga lokasyon at oras.
- 2.** Magsumite ng komento online sa seattle.gov/privacy.
- 3.** Magpadala ng liham sa Attn: Surveillance & Privacy Program, Seattle IT, PO Box 94709, Seattle, WA 98124.

Isasama ang anumang isinumiteng komento sa huling Surveillance Impact Report (Ulat sa Epekto ng Pagmamanman) na isusumite sa Konseho ng Lungsod at isasapubliko. Upang makapagbigay ng komento pagkalipas ng panahong ito, makipag-ugnayan sa mga kawani ng Konseho ng Lungsod sa seattle.gov/Council.

Mangyaring tandaan, ang pulong na ito ay:

Ire-record sa video.

Hihingi ng tala ng pag-sign in ng mga dadalo.

Mangongolekta ng mga komento ng publiko:

Para sa mga pangangailangan sa pagpupulong: Mangyaring ipaalam sa amin kung kailangan mo ng mga serbisyo sa pagsasalin ng wika o iba pang serbisyo **dalawang linggo bago ang petsa ng pagpupulong** sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa Surveillance@seattle.gov.



City of Seattle

Mga Pang-emergency na Kamera

Departamento ng Bumbero ng Seattle (SFD)

Ano ang teknolohiyang ito?

Ang mga Pang-emergency na Kamera ay mga kamerang digital na ginagamit sa pagkuha ng mga litrato sa mga insidente na nirepondehan ng departamento ng bumbero. Kinukunan ang mga litratong ito bilang bahagi ng dokumentasyon ng SFD sa pagresponde sa mga insidente.

Bakit namin ginagamit ang teknolohiyang ito?

Isa sa pinakamaiinam na kasanayan ayon sa National Fire Protection ang pagkuha ng mga litrato sa mga insidenteng nirepondehan. Nakakatulong ang mga litratong ito sa pagbibigay ng impormasyon sa mga medikal na propesyonal para sa pagresponde sa panahon ng emergency, kung saan maaari nitong mapababa ang posibilidad na mamatay ang mga pasyente. Nagbibigay rin ang mga litrato na kinunan sa mga insidente ng mahalagang impormasyon sa Yunit ng Imbestigasyon sa Sunog ng SFD.

Pagkolekta

Matapos suriin ang sitwasyon, magpapasya ang mga unang rumesponde kung ang mga litratong kinunan sa lokasyon ng emergency ay magagamit sa paraang medikal o iba pang pagsusuri ng insidente.

Paggamit

Maaaring ibahagi ang mga litratong kinunan gamit ang mga pang-emergency na kamera sa doktor ng Medic One upang makapagbigay ng karampatang pangangalaga sa pasyente. Ginagamit ang mga litratong kinukunan ng mga Hepe sa Kaligtasan at ng Yunit ng Imbestigasyon sa Sunog sa mga bukas na imbestigasyon na may kinalaman sa mga banggaan at sunog.

Mga Proteksyon

Sumusunod ang SFD sa mga internal na Patakaran at mga batas ng Washington ukol sa paggamit, pagpapanatili at pagbubunyag ng mga litrato. Mayroon ding mga kontrol sa pag-access para sa paggamit ng mga pang-emergency na kamera, at ito ay limitado lamang sa mga Imbestigador ng Sunog, Hepe ng Batalyon sa mga Pangkaligtasang Yunit, at yunit ng paramedic ng Medic One.



Ang panahon ng malayang pagkomento para sa teknolohiyang ito ay kasalukuyang isinasagawa. Maaari kang magbigay ng mga komento sa [Seattle.gov/Surveillance](https://www.seattle.gov/surveillance).

Isasama ang lahat ng komento tungkol sa teknolohiyang ito sa Ulat sa Epekto ng Pagmamatyag para dito at ipapasa sa Konseho.

Kung gusto mong magbigay ng feedback sa labas ng panahon ng malayang pagkomento, maaari itong ipasa sa Konseho ng Lungsod.

Kamera para sa Mga Mapanganib na Materyales (HAZMAT)

Departamento ng Bumbero ng Seattle (SFD)

Ano ang teknolohiyang ito?

Gumagamit ng tablet camera ang team ng HazMat ng Departamento ng Bumbero ng Seattle para mag-live stream ng video sa pamamagitan ng app na FaceTime, na lumalabas sa monitor na nasa yunit ng HazMat. Gumagamit ang team ng koneksyon sa MiFi na protektado ng password para sa ligtas na pag-stream sa monitor mula sa tablet.

Bakit namin ginagamit ang teknolohiyang ito?

Sa pamamagitan ng mga kamera para sa HazMat, magagawa ng mga unang rumeresponde na matukoy kaagad ang mga potensyal na mapanganib na materyales o mga bagay na maaaring makakontamina, habang malayo at ligtas sa potensyal na pagkakalantad. Binibigyan din nito ang Komander ng Insidente ng real-time na impormasyon (habang ito ay nagaganap) na kinakailangan upang mabilisang makapagpasya.



Ang panahon ng malayang pagkomento para sa teknolohiyang ito ay kasalukuyang isinasagawa. Maaari kang magbigay ng mga komento sa Seattle.gov/Surveillance.

Isasama ang lahat ng komento tungkol sa teknolohiyang ito sa Ulat sa Epekto ng Pagmamatyag para dito at ipapasa sa Konseho.

Kung gusto mong magbigay ng feedback sa labas ng panahon ng malayang pagkomento, maaari itong ipasa sa Konseho ng Lungsod.

Pagkolekta

Kung magkaroon ng insidenteng kinasasangkutan ng mga mapanganib na materyales, gumagamit ang team ng HazMat ng Departamento ng Bumbero ng Seattle ng tablet camera para mag-live stream ng video sa yunit ng HazMat. Maaari ring kumuha ng mga litrato sa pamamagitan ng pagkuha ng screenshot sa tablet. Pagpapasyahan ng Komander ng Insidente kung kailangang gamitin ang teknolohiyang ito sa pagresponde sa isang insidente.

Paggamit

Ginagamit ang mga video at litratong nakunan gamit ang tablet camera para sa HazMat sa pagsusuri ng sitwasyon ng insidente at sa pagtukoy ng mga potensyal na mapanganib na materyales. Maaaring gamitin ang mga litratong nakunan para sa pagsusuri matapos ang insidente o kaya ay ibahagi sa nagpapatupad ng batas kung may makatuwirang paghinala na may kinalaman ito sa isang krimen.

Mga Proteksyon

Protektado ng password ang mga tablet at maaari lamang gamitin ng team ng HazMat. Gumagamit ng encryption ang mga tablet para masiguradong ligtas ang data sa koneksyon sa MiFi. Gumagamit din ng end-to-end encryption ang app na FaceTime para sa buong pag-stream ng video. Inilalagay ng SFD ang mga litratong nakunan sa isang ligtas na drive, na maaari lamang ma-access ng team ng HazMat.

Awtomatikong Tagabasa ng mga Lisensyadong Plaka (ALPR) (Patrol)

Seattle Police Department (SPD, Departamento ng Pulisya ng Seattle)

Ano ang teknolohiyang ito?

Ang ALPR ay kombinasyon ng software at hardware na ginagamit upang makuha at masubaybayan ang mga imahe ng mga lisensyadong plaka. Kasalukuyang nakakabit ang mga high definition infrared na digital na kamera sa walong sasakyan ng SPD Patrol upang kumuha ng mga imahe ng mga lisensyadong plaka. Pagkatapos ay papatunayan ng mga Opisyal ang mga numerong iyon at ipapasa sa dispatch.

Ginagamit ng SPD ang ALPR sa hangarin na mapanatili ang kaligtasan ng publiko at magpatupad ng mga naangkop na batas na may kaugnayan sa mga nakaw na sasakyan, pagpapatupad ng paradahan, at iba pang aktibong imbestigasyon.



Kasalukuyang ginaganap ang panahon ng malayang pagkomento hinggil sa teknolohiyang ito. Maaari kang magbigay ng mga komento sa [Seattle.gov/Surveillance](https://seattle.gov/surveillance).

Ilalakip ang lahat ng mga komento sa Ulat sa Epekto ng Pagmamanman sa teknolohiyang ito at isusumite sa Konseho.

Kung nais mong magbigay ng tugon sa labas ng panahon ng malayang pagkomento, mangyaring direktang magsumite sa Konseho ng Lungsod.

Pangongolekta

Iniiimpok sa isang ligtas na server ng SPD ang lahat ng mga datos na kinokolekta ng mga sistema ng ALPR (mga imahe, mga computer-interpreted na numero ng lisensyadong plaka, petsa, oras, at lokasyon ng GPS). Awtomatikong binubura ang lahat ng mga datos na kinokolekta ng mga sistema ng ALPR matapos ang 90 araw maliban kung ang datos ay bahagi ng isang aktibong imbestigasyon.

Paggamit

Ginagamit ang ALPR sa mga aktibong imbestigasyon o upang hanapin ang mga nawala o nakaw na sasakyan. Matapos ang pangongolekta, binabasa ng software ang numero ng plaka at kinukumpara ang numerong ito sa listahan ng mga lisensyadong plaka na nauugnay sa mga bukas, at inulat na krimen. Kung makahanap ng pagkakatugma, kinakailangan ng Opisyal ng Patrol na beripikahin ang kawastuan ng lisensyadong plaka at kumpirmahin sa dispatch bago magsagawa ng anumang aksyon. Gumagawa ng rekord na maaaring ma-audit o masuri sa bawat pag-log in ng isang Opisyal ng Patrol sa ALPR o sa bawat pakikipagugnay sa dispatch.

Mga Proteksyon

Tinatalakay ng [Polisiya ng SPD 16.170](https://seattle.gov/police) kung paano maaaring gamitin ng mga Opisyal ang ALPR. Nililimitahan ng polisiya ang paggamit ng teknolohiya at hinihigpitan ang mga pangkaraniwang user ng ALPR sa pag-access ng datos maliban kung nauugnay ito sa isang espesipikong imbestigasyon sa krimen. Maaaring ma-audit o masuri ang anumang aktibidad ng isang user sa pag-access ng impormasyong ito.

Mga Sistema sa Pagpapatupad ng Tamang Pagpaparada (Kabilang ang ALPR)

Seattle Police Department (SPD, Departamento ng Pulisya ng Seattle)

Ano ang teknolohiyang ito?

Kabilang sa Parking Enforcement Systems ang mga kamera at software ng ALPR, software ng Bootview na tumutukoy kung kailangan bang i-boot (paglagay ng panangga) ang isang sasakyan, mga device ng Samsung para mag-isyu ng mga tiket, at software ng Gtechna para mag-print ng mga tiket.

Bakit natin ginagamit ang teknolohiyang ito?

Pinangangasiwaan ng SPD ang daloy ng trapiko at tumutulong sa pamamahala ng mga pasilidad sa paradahan sa kalye na may kaugnayan sa mga paglabag sa tamang pagpaparada sa Lungsod ng Seattle. Dagdag pa rito, ginagamit ng SPD ang mga teknolohiyang ito para ipatupad ang Scofflaw, isang Ordinansa ng Lungsod ng Seattle na nagsasabi kung kailan dapat i-boot ang isang sasakyan.



Kasalukyang ginaganap ang panahon ng malayang pagkomento hinggil sa teknolohiyang ito. Maaari kang magbigay ng mga komento sa [Seattle.gov/Surveillance](https://www.seattle.gov/surveillance).

Ilalaki ang lahat ng mga komento sa Surveillance Impact Report (Ulat sa Epekto ng Pagmamanman) sa teknolohiyang ito at isusumite sa Konseho.

Kung nais mong magbigay ng tugon sa labas ng panahon ng malayang pagkomento, mangyaring direktang magsumite sa Konseho ng Lungsod.

Pangongolekta

Kabilang sa mga datos na kinokolekta ng ALPR ang mga lisensyadong plaka, mga petsa at oras, at impormasyon ng lokasyon sa GPS. Pinahihintulutan ng software ng Bootview ang mga Opisyal ng Pagpapatupad ng Tamang Pagpaparada na makita ang impormasyon ng Seattle Municipal Court (Hukumang Munisipal ng Seattle) tungkol sa mga indibidwal na mayroong apat o higit pang hindi nababayaranang ticket sa pagpaparada, kabilang ang numero ng lisensyadong plaka, deskripsyon ng sasakyan, detalye ng mga nakaraang paglabag, at kasalukuyang na-isyu na babala o tiket.

Paggamit

Ginagamit ang ALPR sa pagpapatupad ng tamang pagpaparada upang paghambingin ang mga sasakyan sa mga inoorasang lugar ng paradahan para sa mga paglabag o para patuparin ang Scofflaw. Ginagamit ang bootview upang kilalanin ang mga sasakyan na lumalabag sa Scofflaw. Pinamamahalaan at pinapanatili ang sistema ng Seattle Municipal Court. Ang handheld ng Samsung ay ginagamit upang ma-access ang aplikasyon na Pay-by-Phone ng SDOT, suriin ang datos ng metro ng paradahan, at para mag-isyu ng mga tiket. Ginagamit ang Gtechna software upang mag-print ng tiket.

Mga Proteksyon

Maaaring tutulan ng mga indibidwal ang aksyon sa pag-boot o paglabag sa tamang pagpaparada sa pamamagitan ng normal na kurso ng mga paglilitis ng munisipyo. Kabilang sa mga polisiya na tumitiyak na ginagawan ng background check ang mga empleyado at kinokontrol ang access sa impormasyon na bunga ng mga teknolohiya sa pagpapatupad ng tamang pagpaparada ang: [Polisiya ng SPD 12.040](#), [Polisiya ng SPD 12.050](#), [Polisiya ng SPD 12.080](#), [Polisiya ng SPD 12.110](#), and [Polisiya ng SPD 12.111](#).

MGA LICENSE PLATE READER (TAGABASA NG PLAKA NG SASAKYAN)

Ano ang teknolohiya?

Ang mga License Plate Reader ay isang kombinasyon ng hardware at software na ginamit para kuhanan at bantayan ang mga imahe ng mga plaka ng lisensya. Ang mga high definition na camera ay nakalagay sa iba't ibang mga interseksyon sa buong Lungsod para makatulong sa SDOT traffic engineer na mabawasan ang mga oras ng pagbiyahe sa buong Lungsod.

Bakit namin ginagamit ang teknolohiyang ito?

Ang pagsusukat ng oras ng pagbiyahe ay isang susing panukat para maunawaan at pagpapadali sa mga isyu na may kaugnayan sa pagsisikip ng trapikong urban. Ang mga License Plate Reader ay nagpapahintulot sa SDOT na mabilis na matiyak ang mga oras ng pagbiyahe para sa system engineer, pagpaplano ng trapiko, at mga layunin ng distribusyon sa publiko.

Pangongolekta

Kinukuhanan ng License Plate Reader ang mga imahe ng mga plaka ng sasakyan habang sila ay gumagalaw. Ang mga imahe ay ipinapasa sa isang software na inuulat ang numero ng plaka sa Washington State Department of Transportation (WSDOT) na may marka ng oras nang maganap ito, numero ng plaka, channel ng License Plate Reader na camera, at kumikilala sa station (interseksyon). Pinoproseso ng WSDOT ang panahon ng pagbiyahe sa pagitan ng mga interseksyon at ipinapadala ang impormasyon pabalik sa SDOT.

Paggamit

Ang impormasyong nakolekta mula sa mga License Plate Reader ay ginagamit para kuwentahin ang average na oras ng pagbiyahe at mga pagkakaantala. Pinapahintulutan sa data na ito ang mga traffic engineer na mapahusay ang timing ng traffic signal at makapagbigay ng impormasyon sa mga bumibiyahang tungkol sa mga maaasahang pagkakaantala. Ang data ng oras ng pagbiyahe ay maaaring ipakita sa mga electronic na karatula sa daan, sa mga pangunahing kalye.



Ang bukas na panahon ng pagbibigay ng komento para sa teknolohiyang ito ay kasalukuyang isinasagawa. Maaari kayong magbigay ng mga komento sa [Seattle.gov/Surveillance](https://seattle.gov/surveillance).

Ang lahat ng mga komento ay isasama sa Surveillance Impact Report sa teknolohiyang ito at isusumite sa Council.

Kung gusto ninyong magbigay ng feedback kahit tapos na ang bukas na panahon sa pagbibigay ng komento, mangyari lang isumite ang mga ito nang direkta sa City Council.

Mga Proteksyon

Ang mga system ng License Plate Reader ng SDOT ay mahigpit na ginawa para mabantayan ang daloy ng trapiko at oras ng pagbiyahe. Ang mga numero ng plaka ay agad na binubura sa sandaling makumpleto na ang pagkuwenta sa oras ng pagbiyahe. Ang data ng SDOT na natatanggap mula sa WSDOT ay pinapaghiwalay-hiwalay at maaari lang ma-access ng staff ng SDOT. Hindi kailanman tumatanggap ng mga indibiduwal na numero ng plaka ng sasakyan ang SDOT.



MGA TRAFFIC CAMERA

Ano ang teknolohiya?

Ang mga traffic camera ay maaaring makontrol sa mula sa malayo (remote) na mga video camera na tiyak na ginawa para ma-observe ang trapiko sa daan. Naka-install sa mga traffic pole sa mga pangunahing kalye, ang mga camera ay nagkaloob ng live video sa aktuwal na oras sa Transit Operations Center ng SDOT.

Bakit namin ginagamit ang teknolohiyang ito?

Ang mga traffic camera ay ginagamit para bantayan ang pagsisikip ng mga kalye, mga saradong kalye, at iba pang mga isyu sa trapiko. Ang kadaliang makakita na ito ng mga engineer ng SDOT ng lahat ng mga kinakailangang impormasyon para matuklasan at tumugon kaagad sa mga isyu sa trapiko. Ang mga pagpapahusay na ito ay magtutungo sa mas mababang mga pagkakaantala sa pagbiyahe at napahusay na kalusugan at kaligtasan ng publiko.

Pangongolekta

Ang mga traffic camera ay mag-oobserve sa trapiko ng mga sasakyan habang aktuwal na nagaganap ito. Ang live video ay ipapadala sa Transportation Operations Center ng SDOT para sa aktuwal na pagganap na pagbabantay. Ang mga camera ay remote na makontrol, na magpapahintulot sa mga operator na pagalawin ang mga camera para pinakamainam na maunawaan ang mga kondisyon ng trapiko.

Paggamit

Ang live feed mula sa mga traffic camera ay naka-link sa Travel Information Map sa website ng SDOT, na magpapahintulot sa mga commuter na makita ang kasalukuyang nagaganap at live na mga kondisyon ng trapiko. Ang paggamit ng mga traffic camera ay nagpapahintulot sa Transit Operations Center staff ng SDOT na tumugon sa mga aksidente sa trapiko sa kabuuan ng Seattle bilang bahagi ng emergency response plan ng Lungsod.



Ang bukas na panahon ng pagbibigay ng komento para sa teknolohiyang ito ay kasalukuyang isinasagawa. Maaari kayong magbigay ng mga komento sa [Seattle.gov/Surveillance](https://seattle.gov/surveillance).

Ang lahat ng mga komento ay isasama sa Surveillance Impact Report sa teknolohiyang ito at isusumite sa Council.

Kung gusto ninyong magbigay ng feedback kahit tapos na ang bukas na panahon sa pagbibigay ng komento, mangyari lang isumite ang mga ito nang direkta sa City Council.

Mga Proteksyon

Ang mga Patnubay para sa Camera Control Protocol ng SDOT ay namamahala sa paggamit ng camera, kasama na ang mga tadhana nito para sa indibiduwal na proteksyon sa privacy. Ang video mula sa traffic camera ay itatabi sa mga tiyak na kaso ng paggamit lang ng Transit Operations Center. Ang naitabing footage ay hindi ibabahagi sa iba pang departamento ng Lungsod o entity at permanenteng buburahin sa loob ng sampung araw.

